

## Gaano ka-epektibo ang bakuna?

Ang pagpapabakuna sa HPV ay isang ligtas at maaasahang paraan para bigyang proteksyon ang mga kabataan laban sa mga kanser at mga sakit na may kaugnayan sa HPV. Ang mga kababaihan ay dapat ding lumahok sa pagpapa-iskrin ng cervix para sa mabisang proteksyon laban sa kanser sa cervix.

Halos lahat ng mga impeksyon sa HPV na sanhi ng mga abnormal na selyula at kanser ay maaaring mapigilan ng bakuna sa HPV.

Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang bakuna ay napaka-epektibo sa Australia. Malaki ang ibinaba ng mga impeksyon sa HPV, nag-uumpisang mga kanser sa cervix at mga kulugo sa ari (genital warts).

Gumagana ng mahusay ang bakuna kung naibigay habang bata pa at bago pa malantad sa HPV.

## Gaano kaligtas ang bakuna?

**Ang mga bakuna sa HPV na ginagamit sa Australia ay napakaligtas. Lahat ng mga bakunang HPV na makukuha sa Australya ay masinsing nasuri at 270 milyong dosis ang naibigay na sa buong mundo.**

Ibinibigay ang bakuna sa Australya sa pamamagitan ng nakatalaga sa mga paaralang programa mula pa noong 2007 para sa mga kababaihan at 2013 para sa mga kalalakihan. Sa Australya, tulad rin sa ibang mga bansa, patuloy na minomonitor ang kaligtasan ng bakuna.

Ang ilang mga tao ay maaaring makaranas ng katamtamang reaksiyon sa bakuna. Maaaring kabilang dito ang:

- ✓ pananakit, pamamaga at pamumula sa lugar na tinurukan
- ✓ katamtamang lagnat
- ✓ pakiramdam na nanghihina at mawawalan ng malay.

Katulad ng ibang mga bakuna, may ilang mga tao ang maaaring magkaroon ng alerdyik na reaksiyon (allergic reaction) matapos mainiksyunan ng bakuna.

Nakahandang pangasiwaan ng mga tagabigay ng bakuna ang ganitong mga reaksiyon.

Makipagkita sa iyong GP kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa reaksiyon sa iyong anak.

**HPV**  
Vaccine

**Mas marami ka pang malalaman tungkol sa kaligtasan ng bakuna sa HPV sa website ng Therapeutic Goods Administration tga.gov.au**

**HPV**  
Vaccine

## Pagpigil sa human papillomavirus (HPV) na mga kanser at mga sakit sa pamamagitan ng pagbabakuna

Tumutulong na pangalagaan ang mga kabataan laban sa hanay ng mga kanser at mga sakit na sanhi ng human papillomavirus (HPV)

[health.gov.au/immunisation](https://health.gov.au/immunisation)

# HPV Vaccine

## Bakit kailangang magpabakuna?

Pinipigilan ng bakunang HPV ang ilang kanser, kabilang ang:

- ✓ kanser sa cervix (cervical) sa mga kababaihan
- ✓ kanser sa ari (vaginal) at kanser sa mga labi ng ari (vulval) sa mga kababaihan
- ✓ kanser sa tumbong (anal) sa mga lalaki at babae
- ✓ mga kanser sa lalamunan sa mga lalaki at babae
- ✓ kanser sa ari (penile) sa mga lalaki.

Ang bakunang HPV ay nagbibigay din ng proteksyon laban sa halos lahat ng kaso ng kulogo sa ari (genital warts) sa parehong mga lalaki at babae.

## Ano ang HPV?

Ang human papillomavirus (HPV) ay isang karaniwan, nakakahawang virus na maaaring maging sanhi ng mga kanser at mga sakit sa mga lalaki at babae.

Ito ay pangunahing naikakalat sa pagdaiti habang nagtatalik.

Kung hindi magpapabakuna, 90% ng mga taong nasa hustong-edad na ang magkakaroon ng impeksyon sa HPV sa isang punto ng kanilang buhay. Walang paggamot na magtatanggal ng impeksyon sa HPV.

Sa karamihan, ang virus ay walang mga sintomas at nawawala nang kusa, ngunit kung minsan ito ay nananatili at nagiging sanhi ng ilang uri ng kanser o malubhang pagkakasakit.

Mga  
Mahahalagang  
Katunayan

Ang HPV ay nakakaapekto sa parehong mga kalalakhian at kababaihan.

Ang mga kababaihan at kalalakhian nasa edeod na 12–13 taong gulang ay makakapagpabakuna ng HPV sa paaralan na walang babayaran.

Ang isang porma ng pagpayag ay kailangang napirmahan at naibalik sa paaralan bago pa maibigay ang pagbabakuna.

## Paano ko malalaman kung ang aking anak ay nabakunahan?

Ang Australian Immunisation Register ay nagtatago ng talaan ng mga pagbabakunang ginanap sa Australya.

Makakakuha ng mga pahayag ng kasaysayan ng pagkakahakuna sa anumang oras sa paggamit ng inyong Medicare online account sa pamamagitan ng myGov ([my.gov.au](http://my.gov.au)).

## Paano ka mababakunahan?

Ibinibigay nang libre ang bakuna sa mga batang nasa edad na humigit kumulang 12–13 taong gulang sa pamamagitan ng nakatalaga-sa-paaralang programa ng immunisasyon.

Napapaloob dito ang pagkakaroon ng dalawang pag-iniksiyon, anim na buwan ang pagitan. Mahahalagang mabakunahan ng dalawang dosis para makuha ang posibleng pinakamabisang proteksyon laban sa HPV.

Ang mga estudyanteng nararapat para sa libreng pagbabakuna ay tatanggap ng pormularyo ng pagpayag mula sa kanilang paaralan. Itong pormularyo ng pagpayag na ito ay dapat pirmahan ng magulang o tagapagbantay at ibalik sa paaralan bago ang pagbabakuna.

## Pag-aantala ng pagbabakuna

Ang pag-aantala ng pagbabakuna hanggang maging 15 taong gulang o higit pa ay nangangahulugang kakailanganin ang tatlong dosis imbes na dalawa. Sinasagot lang sa National Immunisation Program ang dalawang dosis na walang bayad.

Ang mga indibidwal na hindi nabakunahan sa paaralan ay kwalipikadong tumanggap ng pahabol na libreng dalawang dosis hanggang sa maging 19 na taong gulang.

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

- ✓ Makipag-usap sa iyong doktor, nagtatrabahong nars o iba pang tagabigay ng pagbabakuna.
- ✓ Bisitahin ang [health.gov.au/immunisation](http://health.gov.au/immunisation)